

PAUNAWA NG MGA KAUGALIAN SA PAGKAPRIBADO

ANG PAUNAWANG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO MAGAGAMIT AT
MAIBUBUNYAG ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO
KA MAKAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.
MANGYARING BASAHIN ITO NANG MABUTI.

Para sa anumang mga isyu, reklamo, o pagtatanong tungkol sa paunawang ito o sa pagiging pribado ng iyong impormasyong pangkalusugan, mangyaring kontakin ang aming Privacy Officer sa compliance@gracelight.org

Nauunawaan ng Gracelight Community Health (QHC) na ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong kalusugan ay personal. Sa paunawang ito, gumagamit kami ng mga katagang gaya ng "tayo," "kami" o "amin" upang tukuyin ang QHC. Ang paunawang ito ay nalalapat sa QHC, kabilang ang lahat ng mga lokasyon ng klinika nito, mga empleyado ng klinika (kabilang ang mga doktor, nars, at iba pang klinikal na kawani), pang-administratibong empleyado at boluntaryo. Ang QHC ay nakatuon sa pagprotekta ng iyong impormasyon sa kalusugan. Lumilikha kami ng talaan ng pangangalaga at serbisyong natatanggap mo sa QHC. Kailangan namin ang talaang ito para makapagbigay sa iyo ng dekalidad na pangangalaga at sumunod sa ilang legal na kinakailangan. Ang paunawang ito ay angkop sa impormasyon tungkol sa kalusugan na nakukuha ng QHC. Ang paunawang ito ay magsasabi sa iyo tungkol sa mga paraan na maaari naming gamitin at ibunyag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo. Inilarawan din namin ang iyong mga karapatan at ilang obligasyon na mayroon kami tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan. Inaatas sa amin ng batas na: (1) Tiyakin na ang impormasyon sa kalusugan na tumutukoy sa iyo ay pinananatiling kumpidensyal (na may ilang eksepsyon), (2) Bigyan ka nitong paunawa ng aming mga legal na tungkulin at kaugalian sa pagkapribado na nauugnay sa iyong impormasyon sa kalusugan, at (3) Sundin ang mga tuntunin ng paunawa na kasalukuyang ipinapatupad. Tungkulin naming ipaalam sa iyo kung sakaling ang iyong impormasyon sa kalusugan ay na-access nang labag sa regulasyon.

PAANO MAAARING GAMITIN AT IBUNYAG NG QHC ANG IYONG IMPORMASYON SA

KALUSUGAN: Ang "protected health information," o "PHI," ay impormasyon na tutukoy sa kung sino ka at may kaugnayan sa iyong nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap na pisikal o pangkaisipang kalusugan o kalagayan, ang pagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan sa iyo, o pagbabayad noong nakaraan, sa kasalukuyan, o sa hinaharap para sa pagkakaloob ng pangangalaga ng kalusugan sa iyo. Hindi kasama sa PHI ang impormasyon tungkol sa iyo na hindi nagpapakilala kung sino ka. Kung ikaw ay isang empleyado ng QHC, hindi kasama sa PHI ang impormasyon sa kalusugan (kung mayroon man) sa iyong file bilang kawani. Ang sumusunod na mga kategorya ay naglalarawan ng iba't ibang paraan na ginagamit namin at ibinubunyag ang impormasyon sa kalusugan, kabilang na ang PHI. Para sa bawat kategorya, ipaliliwanag namin ang ibig naming sabihin at sisikapin naming magbigay ng ilang halimbawa. Hindi lahat ng paggamit o pagbunyag sa isang kategorya ay nakalista. Gayunpaman, lahat ng paraan na pinahihintulutan kaming gamitin at ibunyag ang impormasyon ay mabibilang sa isa sa mga kategorya.

Paggamot: Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan para bigyan ka ng medikal na paggamot o mga serbisyo. Maaari naming ibunyag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga doktor, nars, technician, mag-aaral ng pangangalagang pangkalusugan o iba pang mga tao sa QHC na nangangailangan ng impormasyong iyon para pangalagaan ka. Halimbawa, ang isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang nabaling binti ay maaaring kailanganing malaman kung mayroon kang diyabetes dahil ang diyabetes ay maaaring magpabagal sa proseso ng paggaling. Maaari din naming ibunyag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga tao sa labas ng QHC na maaaring kasangkot sa iyong medikal na paggamot tulad ng mga skilled nursing facility, home health agency at iba pang mga doktor o practitioner. Halimbawa, maaari kaming magbigay ng access sa isang espesyalista sa iyong impormasyon sa kalusugan para tulungan siya sa paggagamot sa iyo.

Pagbabayad: Maaari naming gamitin at ibunyag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo upang ang paggamot at mga serbisyo na natatanggap mo sa QHC ay maaaring singilin at ang bayad ay maaaring kolektahin mula sa iyo, sa kumpanya ng insurance o sa ikatlong partido. Halimbawa, maaaring kailanganin naming magbigay ng impormasyon sa iyong health plan tungkol sa paggamot na natanggap mo sa QHC para mabayaran kami o i-reimburse ka para sa paggamot ng iyong health plan. Maaari din naming sabihin sa iyong health plan ang tungkol sa paggamot na matatanggap mo upang makakuha ng pag-apruba o upang matukoy kung sasagutin ng iyong plan ang paggamot.

Mga Operasyong Pangkalusugan: Maaari naming gamitin at ibunyag ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga operasyong pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagbunyag na ito ay kinakailangan upang patakbuhin ang mga programa ng QHC at tiyakin na lahat ng ating mga kalahok ay tumatanggap ng dekalidad na pangangalaga. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan para suriin ang aming paggamot at mga serbisyo at suriin ang performance ng aming mga tauhan sa pangangalaga sa iyo. Maaari din naming ibunyag ang impormasyon sa mga doktor, nars, technician, medikal at iba pang mga mag-aaral at iba pang mga tauhan ng health system para sa mga layunin na pagsusuri at pag-aaral.

Ang QHC ay bahagi ng isang organisadong pangangalaga ng kalusugan at ito ay isang kalahok sa OCHIN, isang pagtutulungan ng mga health center na nakatuon sa paggamit ng teknolohiya ng impormasyon sa kalusugan. Ang kasalukuyang listahan ng mga kalahok sa OCHIN ay makikita sa www.ochin.org. Bilang isang kaakibat sa negosyo ng QHC, nagsusuplay ang OCHIN ng teknolohiyang pang-impormasyon at kaugnay na mga serbisyo sa QHC at iba pang mga kalahok ng OCHIN . Ang OCHIN ay nakikilahok din sa pagsusuri ng kalidad at pagpapabuti ng mga aktibidad para sa kapakanan ng mga kalahok nito. Halimbawa, ang OCHIN ay nag-uugnay ng mga gawain sa pagsusuring klinikal para sa kapakanan ng mga organisasyong nakikilahok upang maitatag ang pinakamahusay na mga pamantayan sa pagsasanay at tasahin ang mga klinikal na benepisy na maaaring magmula sa paggamit ng mga electronic health record system. Ang OCHIN ay tumutulong din sa mga kalahok na makipagtulungan upang mapabuti ang pamamahala ng panloob at panlabas na referral ng pasyente. Ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan ay maaaring ibahagi ng QHC sa iba pang mga kalahok ng OCHIN o sa health information exchange kung kinakailangan lang para sa medikal na paggamot o para sa mga layunin ng pagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan ng isinaayos na organisadong pangangalaga ng kalusugan.

Ang pangangalaga sa kalusugan ay maaaring kabilangan, kasama ng iba pang mga bagay, ng pag-geocode sa lokasyon ng iyong tirahan upang mapabuti ang mga klinikal na benepisy na matatanggap mo. Maaaring kabilang sa personal na impormasyon sa kalusugan ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap na impormasyong medikal gayundin ang impormasyong tinukoy at nakabalangkas sa mga patakaran ng pagkapribado ng pederal na pamahalaan. Ang impormasyon, sa lawak ng naibunyag na, ay ibubunyag nang naaalinsunod sa mga patakaran sa pagkapribado ng pederal na pamahalaan o anumang iba pang angkop na batas na sinusugan paminsan-minsan. May karapatan kang baguhin ang iyong isipan at bawiin ang pahintulot na ito, gayunpaman, ang impormasyon ay maaaring naibigay na tulad ng pinahintulutan mo. Ang pahintulot na ito ay mananatiling may bisa hanggang sa bawiin mo sa pamamagitan ng pagsulat. Kung hiniling, mabibigyan ka ng listahan ng mga entidad kung saan naibunyag ang iyong impormasyon.

Mga Aktibidad sa Pangangalap ng Pondo: Maaari ka naming kontakin para magbigay ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad na iniisponsoran ng QHC, kabilang na ang mga programa at kaganapan para sa pangangalap ng pondo. Gagamitin lang namin ang demograpikong impormasyon kabilang ang pangalan, address, impormasyon para sa pakikipag-ugnay, numero ng telepono, edad at kasarian; generic na impormasyon ng departamento ng serbisyo, impormasyon ng gumagamot na doktor at kinalabasang resulta. Maaari kang mag-opt out sa paggamit o pagbunyag na ito ng iyong PHI sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa angkop na kahon sa Pagkumpirma ng Pagkakatanggap ng Form ng Paunawa ng Mga Kaugalian sa Pagkapribado.

Miyembro ng Pamilya at Iba Pang Itinalaga Mo: Sa tulong ng iyong partikular na nakasulat na pahintulot, maaari naming ibunyag ang iyong impormasyon sa kalusugan sa itinalagang pamilya, kaibigan at iba pa na kasangkot sa iyong pangangalaga o pagbabayad ng iyong pangangalaga upang mapadali ang pakikibahagi ng taong iyon sa pangangalaga sa iyo o pagbabayad ng iyong pangangalaga. Kung hindi ka namin mahagilap, nawalan ng kakayahan o nahaharap sa isang emerhensyang sitwasyong medikal at alam namin na ang limitadong pagbunyag ay makakabuti para sa iyong interes, maaari naming ibahagi ang limitadong impormasyon sa kalusugan sa mga naturang indibidwal nang walang pahintulot mo. Maaari din naming ibunyag ang limitadong impormasyon sa kalusugan sa publiko o pribadong entidad na pinahintulutang tumulong sa mga kalamidad para mahanap ang isang kapamilya o iba pang tao na maaaring kasangkot sa ilang aspeto ng pangangalaga sa iyo.

Pananaliksik: Sa ilalim ng ilang sitwasyon, maaari naming gamitin at ibunyag ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin ng pananaliksik (hal. ang isang proyekto ng pagsasaliksik ay maaaring kinasasangkutan ng paghahambing ng kalusugan at paggaling ng mga pasyente na nakatanggap ng isang gamot sa mga tumanggap ng isa pa, para sa parehong kondisyon). Lahat ng proyekto sa pagsasaliksik ay napapailalim sa isang espesyal na proseso ng pag-apruba na sinusuri ang iminungkahing proyekto sa pagsasaliksik at paggamit nito ng impormasyon sa kalusugan, na sinusubukang balansehin ang mga pangangailangan ng pananaliksik sa pangangailangan ng pasyente na panatilihin pribado ang kanilang impormasyon sa kalusugan. Maaari naming ibunyag ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga taong naghahandang magsagawa ng proyekto sa pagsasaliksik, halimbawa, upang tulungan silang maghanap ng mga pasyenteng may partikular na mga pangangailangang medikal hangga't hindi lalabas sa aming site ang impormasyon sa kalusugan na kanilang inaaral.

IBA PANG PAGGAMIT at PAGBUNYAG: Kami ay pinapayagan o inaatasan ng batas na gumawa ng iba pang paggamit at pagbubunyag ng iyong impormasyon sa kalusugan nang wala ang iyong pahintulot o awtorisasyon. Maaari naming ilabas ang impormasyon sa iyong kalusugan para sa sumusunod na mga dahilan: (1) anumang layunin na inaatasa ng batas; (2) mga pampublikong aktibidad sa kalusugan, tulad ng kinakailangang pag-uulat ng sakit, pinsala at kapanganakan at kamatayan at para sa mga kinakailangang imbestigasyon sa pampublikong kalusugan; (3) kung inaatasa ng batas kung pinaghihinalaan namin ang pang-aabuso o kapabayaan ng bata o matanda o kung naniniwala kaming biktima ka ng pang-aabuso, kapabayaan o domestikong karahasan; (4) sa Food and Drug Administration kung kinakailangan upang mag-ulat ng masasamang kaganapan, mga depekto ng produkto o lumahok sa pagsasauli ng mga produkto; (5) sa iyong tagapag-empleyo kapag nagbigay kami ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo sa kahilingan ng iyong tagapag-empleyo; sa lahat ng pagkakataon, tatanggap ka ng paunawa na ang impormasyon ay ibinunyag sa iyong tagapag-empleyo; (6) sa pambihirang sitwasyon kung hinihingi ng batas sa mga nagpapapatupad ng batas; (7) kung kailangang gawin ito sa pamamagitan ng subpoena o hinihiling na pagtutuklas na iniutos ng hukuman o administratibo, ikaw ay magkakaroon ng paunawa ng naturang pagpapalabas ng impormasyon; (8) sa mga coroner at/o funeral director na naaayon sa batas, at sa isang kapamilya o sa ibang tao na tinukoy na kasangkot sa iyong pangangalaga o pagbabayad para sa pangangalaga ng kalusugan bago ang iyong kamatayan, maliban kung ipaalam mo sa QHC na hindi mo nais ito; (9) kung inaatasa ng batas na balaan at protektahan ang isang makatwirang (mga) biktima sa malubhang pagbabanta ng pisikal na karahasan; (10) kapag kinakailangan ng batas sa California Department of Motor Vehicles; (11) sa mga awtorisadong opisyal para sa pagkakaloob ng mga serbisyong proteksyon sa Pangulo o sa ibang tao na pinahintulutan ng batas; (12) kung ikaw ay miyembro ng militar, kung kinakailangan ng sandatahang lakas o para sa pambansang seguridad o gawain ng intelihensya; at, (13) sa mga ahensya na namamahala sa kabayaran ng mga manggagawa, kung kinakailangan, para sa pagtukoy ng iyong benepisyong bayad bilang isang manggagawa. Panghuli, maaari naming ibahagi ang iyong medikal na impormasyon sa mga Health Information Exchange (HIE) ng rehiyon at ng bansa – Estado at Pederal na pamahalaan- at mga inisyatiba na iniisponsoran ng tagapagkaloob na tumutulong sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) na magbahagi ng impormasyon at makipagtulungan upang magbigay ng mas mahusay na pangangalaga at paggamot para sa mga pasyente. Ibabahagi lang namin ang iyong impormasyon para sa mga layunin ng paggamot at magbabahagi lamang ng "sensitibong indibidwal na impormasyon sa kalusugan" sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o kung mayroon ng iyong malinaw na pahintulot. Maaari mong hilingin na hindi namin ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga HIE sa pamamagitan ng pagsulat sa Privacy Officer ng QHC. Pinagbabawalan kaming magbenta ng iyong PHI maliban sa sumusunod na mga sitwasyon: (1) para sa

mga layunin ng pampublikong kalusugan, (2) para sa pananaliksik, hangga't limitado ang pagbabayad sa mga gastusin sa QHC, (3) para sa paggamot o pagbabayad, (4) kaugnay ng pagbebenta o pagsasanib ng QHC, (5) sa o sa pamamagitan ng Kaakibat sa Negosyo kung saan ang QHC ay nagbabayad lamang para sa mga serbisyo ng Kaakibat sa Negosyo, (6) kung hihilingin mo ang access sa iyong sariling PHI, (7) kung kinakailangan ng batas o (8) kung pinapayagan sa ilalim ng HIPAA kung saan nasasagot lang ng bayad ang mga gastos.

Lahat ng iba pang paggamit at pagbunyag ng iyong PHI na hindi inilarawan sa paunawang ito ay nangangailangan ng iyong nakasulat na pahintulot.

ANG IYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA MEDIKAL NA IMPORMASYON: Mayroon kang mga sumusunod na karapatan tungkol sa impormasyon sa kalusugan na pinapanatili namin tungkol sa iyo.

Pagsusumite ng Pahintulot: Kung kailangan mo ng form ng pahintulot, padadalhan ka namin ng isa para kumpletuhin mo o ng iyong personal na kinatawan. Kapag natanggap mo na ang form, mangyaring punan ito at ipadala ito sa sumusunod na address:

Gracelight Community Health
4816 East 3rd Street
East Los Angeles, CA 90022
Attention: Privacy Officer

Maaari mong bawiin o baguhin ang iyong pahintulot anumang oras sa pamamagitan ng pagsulat sa amin sa parehong address. Tandaan na ang iyong pagbawi o pagbabago ay maaaring hindi epektibo sa ilang sitwasyon, tulad ng kapag kami ay gumawa na nang aksyon batay sa iyong pahintulot.

Access sa Iyong Impormasyon sa Kalusugan: Mayroon kang karapatang kopyahin at/o inspeksyunin ang karamihan ng impormasyon sa kalusugan na aming pinananatili sa ngalan mo. Ang lahat ng kahilingan para sa access ay kailangang gawin nang nakasulat at may lagda mo o ng iyong kinatawan. Kung humihiling ka ng kopya ng impormasyon, maaari kang singilin ng bayad para sa mga gastusin sa pagkopya, pagpapadala sa koreo o iba pang mga suplay na kaugnay ng iyong kahilingan.

Mga Pagbabago sa Iyong Impormasyon sa Kalusugan: May karapatan kang hilingin na ang impormasyon sa kalusugan na pinananatili namin tungkol sa iyo ay susugan o iwasto. Hindi kami obligadong gumawa ng lahat ng hinihiling na susog/pagbabago ngunit bibigyan namin ng maingat na pagsasaalang-alang ang bawat kahilingan. Ang lahat ng kahilingan para sa pagbabago, para maisaalang-alang namin, ay dapat nakasulat, may lagda mo o ng iyong kinatawan, at ipinapahayag ang mga dahilan para sa kahilingan sa pagsusog/pagwawasto. Kung may ginawang pagsusog o pagwawasto na hiniling mo, maaari din naming ipaalam sa iba na nakikipagtulungan sa amin at may mga kopya ng hindi naitamang record, kung naniniwala kaming kinakailangan ang gayong abiso.

Pagtatala ng mga Pagbubunyag ng Iyong Impormasyon sa Kalusugan: May karapatan kang tumanggap ng pagtatala ng ilang partikular na pagbubunyag na ginawa namin sa iyong medikal na impormasyon pagkatapos ng Abril 14, 2003. Lahat ng kahilingan ay kailangang nakasulat at may lagda mo o ng iyong kinatawan. Ang unang pagtatala sa loob ng 12 buwan ay libre; para sa karagdagang mga kahilingan, maaari ka naming singilin para sa mga gastos na nauugnay sa pagbibigay ng impormasyong iyon.

Mga Paghihigpit sa Paggamit at Pagbubunyag ng Iyong Impormasyon sa Kalusugan: May karapatan kang humiling ng paghihigpit o limitasyon sa impormasyon sa kalusugan na ginagamit namin o ibinubunyag tungkol sa iyo para sa paggamot, pagbabayad o pagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Sa iyong kahilingan, sabihin sa amin: (1) anong impormasyon ang gusto mong limitahan; (2) kung gusto mong limitahan ang aming paggamit, pagbubunyag o pareho; at, (3) kung kanino mo gustong ilapat ang mga limitasyon, halimbawa, sa iyo at sa iyong asawa lamang. Hindi namin kailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan ngunit kung gagawin namin ito, ang aming pagsang-ayon ay dapat na nakasulat. Susundin namin ang iyong kahilingan maliban kung ang impormasyon ay kinakailangan upang magbigay sa iyo ng emerhensyang paggamot. Kailangan naming sumunod sa iyong kahilingan na hindi ibunyag sa iyong tagapagbayad/health plan kung babayaran mo nang buo ang isang serbisyo o item sa araw ng pagbisita.

Karapatan na Humiling ng Kumpidensyal na Komunikasyon: May karapatan kang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan sa isang kumpidensyal na paraan, sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilingin na kontakin ka lang namin sa bahay o sa pamamagitan lamang ng sulat. Kailangan mong gawin ang iyong kahilingan nang nakasulat; kailangang tukuyin ng iyong kahilingan kung paano o saan mo gustong makontak. Pagbibigyan namin ang lahat ng makatuwirang kahilingan, maliban kung ito ay masyadong abala o ipinagbabawal ng batas.

Karapatan sa Isang Papel na Kopya ng Paunawang ito: Mayroon kang karapatan sa isang papel na kopya ng paunawang ito. Maaari mong hilingin sa amin na bigyan ka ng kopya ng paunawang ito anumang oras. Kahit na sumang-ayon kang matanggap ang paunawang ito sa elektronikong paraan, ikaw pa rin ay may karapatan sa isang papel na kopya ng paunawang ito. Ang mga kopya ay makukuha sa aming mga health center o sa www.gracelight.org **Ang lahat ng kahilingan ay dapat idirekta sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo o sa pagsulat sa Gracelight Community Health, 4816 East 3rd Street East Los Angeles, CA 90022.**

MGA PAGBABAGO SA PAUNAWANG ITO: Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang mga kaugalian ng QHC sa pagkapribado at ang paunawang ito. Inilalaan namin ang karapatan sa paggawang epektibo ng nirebisa o binagong paunawa para sa impormasyon sa kalusugan na mayroon na kami tungkol sa iyo pati na rin ng anumang impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Kami ay magpapaskil ng kopya ng kasalukuyang paunawa sa buong QHC. Ang paunawa ay maglalaman ng petsa kung kailan magiging epektibo sa unang pahina sa kanang sulok sa itaas. Bukod pa rito, maaari kang humiling anumang oras ng kopya ng kasalukuyang paunawa na ipinapatupad. Kung gagawa kami ng malalaki o mahahalagang pagbabago sa aming mga kaugalian sa pagkapribado, kaagad naming babaguhin ang aming paunawa. Maliban kung ang mga pagbabago ay inaatas ng batas, hindi namin ipatutupad ang mga malalaking pagbabago sa aming mga kaugalian sa pagkapribado bago namin baguhin ang aming paunawa.

KARAPATANG NAKALAN SA QHC: Maaari naming gamitin at ibunyag ang iyong PHI sa lawak na pinahihintulutan ng batas. Inilalaan namin ang mga karapatan tulad ng ipinahayag sa paunawang ito.

MGA REKLAMO: Kung naniniwala ka na ang iyong mga karapatan sa pagkapribado ay nilabag, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagsulat sa QHC o sa Secretary of the Department of Health and Human Services (DHHS). Para maghain ng nakasulat na reklamo sa QHC, makipag-ugnay sa: **Gracelight Community Health, Attn: Privacy Officer, 4816 East 3rd Street, East Los Angeles, CA 90022.** Upang maghain ng isang nakasulat na reklamo sa Secretary of the DHHS, makipag-ugnay kay Michael Leoz, Regional Manager, Office for Civil Rights, U.S. Department of Health & Human Services, 90 7th St., Suite 4-100, San Francisco, CA 94103; 415- 437-8310; 415-437-8329 (Fax). Hindi kami maghihiganti sa iyo dahil naghain ka ng reklamo.